



FACT SHEET: Real Estate

Transit-Oriented Development (Pagpapaunlad na Nakatuon sa Transit) ng Gilroy Transit Center

Pangkalahatang ideya

Ang Gilroy Transit Center ay isang 7.8 ektaryang ari-arian na pag-aari ng VTA. Matatagpuan ito sa tabi ng Gilroy Caltrain Station, sa Monterey Highway at 7th Street sa Gilroy.

Sa kasalukuyan, ang ari-ariang ito ay nagsisilbing Park & Ride na lote para sa Bus ng VTA at mga pampasaherong Caltrain. Kasalukuyang nagsisilbi ang Gilroy Transit Center sa VTA bus lines 68, 84, 85, 86, 121, at 168, nagbibigay-daan sa pagkonekta ng San Benito County Express, Monterey Salinas Transit lines 66 at 86, at Caltrain. Ang site na ito ay may potensyal para sa magkahalong paggamit ng Transit-Oriented Development (TOD).

Ang Transit-Oriented Development ng VTA ay nakikipagtulungan sa munisipyo, sa non-profit, at pribadong mga kasosyo para magpasigla ng pagpapaunlad sa pabahay, negosyo, at mga sentro ng trabaho sa mga lugar na makakatulong para dumami ang mga sumasakay sa transit at makapag-ambag sa sigla ng komunidad. Kabilang sa mga kinakailangan ng Transit Oriented Development ng VTA ay ang 20% sa isang partikular na site ay abot-kayang pabahay at hindi bababa sa kalahati ng abot-kayang unit na tinatarget para sa mga sambahayan na may maliit at napakababa ng kita.

Para sa ari-ariang ito, may pakikipagsosyo ang VTA sa Office of Supportive Housing (Tanggapan ng Pagsuporta sa Pabahay) ng Santa Clara. Pinangangasiwaan ng Office of Supportive Housing ang Affordable Housing Bond (Murang Bono ng Pabahay) ng 2016 Measure A. Pinasisigla ng pakikipagsosyong ito ang pagpapaunlad ng murang pabahay sa lugar na ito.

Mga Layunin

- Ihanda ang site na ito para sa Transit-Oriented Development sa hinaharap, na magsisimula sa pakikipag-ugnayan ng komunidad.
- Paramihin ang magkahalong paggamit ng pagpapaunlad, kasama na ang mga opurtunidad para sa abot-kayang pabahay na malapit sa transportasyon
- Makapaglaan ng trabaho na malapit sa transit
- Pataasin ang pangmatagalang kita sa mga operasyon ng transit

Mga Resulta

- Pabahay at mga trabahong malapit sa mga sentro ng transit

- Mas malinis na hangin at mas mababang pagbuga ng greenhouse gas
- Kaghinhawahan sa trapiko
- Paramihin ang mga sumasakay sa pampublikong transit

Mga Pakinabang sa Transit-Oriented Development

- Natutugunan ang Pangangailangan sa Pabahay – Nakakatulong sa paglutas sa mga panrehiyong krisis sa pabahay
- Mga Pakinabang na Pangkapaligiran at Pampublikong Kalusugan
- Pagbaba ng Pagiging Umaasa sa Sasakyan – Ang mga residente sa TOD ay may mas kaunting pangangailangan para sa paradahan
- Pagiging Nakakasabay sa Ekonomiya – Ang mga lokasyon sa TOD ay kaakit-akit sa mga employer
- Pampamayan at Pampiskal na mga Pakinabang – Ang TOD ay maaaring magdulot ng malaki-laking katipiran sa mga sambahayan (ang mga taong nakatira malapit sa transit ay mas kaunti ang nagagastos sa transportasyon)

Mga Kasalukuyang Aktibidad

Nakikipagtulungan ang VTA sa Santa Clara County, sa Lunsod ng Gilroy, at sa komunidad para planuhin ang masiglang espasyo sa Downtown Gilroy na nagpapahintulot sa mga tao na makapanirahan at makapagtrabaho malapit sa pampublikong transportasyon. Ang TOD sa mga lokasyong ito ay magpapahintulot na maganap ang magkahalong paggamit ng pagpapaunlad sa residensyal at komersyal na magaganap sa site.

Eskedyul ng Proyekto/Pagpapaunlad

Ang VTA ay walang iminungkahing espesipikong proyekto o plano sa ngayon para sa mga pagpapaunlad sa hinaharap.

Paano Makikipag-ugnayan sa Amin

Para sa higit pang impormasyon sa proyektong ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Community Outreach Department ng VTA sa (408) 321-7575, TTY (408) 321-2330. Maaari ka ring bumisita sa amin sa web sa www.vta.org/gilroydevelopment, o e-mail kami sa community.outreach@vta.org